

Forward Looking Infrared Real-time Video (FLIR)

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang dalawang helikopter ng Tanggapan ng Sheriff ng King County na may Forward Looking Infrared (FLIR, Makabagong Infrared) ay nagpapadala ng real-time na video feed ng mga kasalukuyang kaganapan sa mga pinunong nasa lupa.

Nagbibigay ang teknolohiyang ito ng plataporma para sa pagkuha ng litrato sa himpapawid at digital na video ng malalaking lokasyon sa labas (hal., mga pinangyarihan ng krimen at napinsala ng sakuna, atbp.)



Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Nagbibigay ang Guardian One at Guardian Two na helikopter ng kritikal na tulong sa mga yunit ng Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle) na nasa lupa sa mga oras ng insidente. Kasama sa mga benepisyo ang mabilis na pagtugon sa pinangyarihan ng krimen o sakuna at nagbibigay ito sa tauhan ng pagpapatupad ng batas ng pinahusay na tanawin ng sitwasyon mula sa himpapawid.

Kasalukuyang isinasagawa ang panahon para sa malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Isasama ang lahat ng komento tungkol sa teknolohiyang ito sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) para dito at ipapasa sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa labas ng panahon para sa malayang pagkomento, maaari itong direktang ipasa sa Konseho ng Lungsod.

Pagkolekta

Ang teknolohiya ng forward looking infrared (FLIR) camera na nakalagay sa loob ng mga helikopter ay nagbibigay ng pinahusay na larawan ng mga pinangyarihan ng insidente sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga tanda ng init ng mga indibidwal at mga bagay sa taas ng video mula sa himpapawid. Nagbibigay-daan ang teknolohiya ng FLIR sa pagtukoy ng mga saklaw na tao o bagay kahit na natatakpan sila ng alapaap, ulap o kadiliman.

Paggamit

Ang mga Helikopter ng KCSO at ang nakalagay na teknolohiya ng FLIR ay tumutugon lamang sa mga pang-emergency na kaganapan ng SPD kung saan ang suporta sa himpapawid ay nakakatulong at hinihiling, kasama ang pag-atake, panloloob, at pagnanakaw.

Mga Proteksyon

Tumatanggap at nag-a-access lamang ang SPD ng impormasyon mula sa video feed na nauugnay sa mga insidente kung saan tumugon ang Guardian One o Guardian Two. Ang na-transmit na data sa mga device na ito ay hindi naa-access sa labas ng mga yunit na ito.



City of Seattle

Mga Sistema sa Pagrerekord ng Video

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle) ay mayroong dalawang sistema ng camera na ginagamit para irekord at/o subaybayan ang mga miyembro ng publiko sa loob ng mga partikular at protektadong lugar sa mga pasilidad ng SPD.

Nirerekord ng mga sistemang ito ang mga kaganapang nangyayari sa isang silid para sa Blood Alcohol Collection (BAC, Pagkolekta ng Alkohol sa Dugo), selda sa presinto, silid para sa panayam, at silid para sa paghahanay ng mga posibleng salarin.

Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Sa pamamagitan ng paggawa ng biswal na rekord ng mga aktibidad na nangyayari sa loob ng mga silid para sa BAC at selda sa presinto, nakakapagbigay ng hakbang para sa pananagutan sa parehong SPD at mga nauugnay na miyembro ng komunidad.

Ang pagrekord ng video at audio ng mga panayam sa biktima, saksi, at suspek ay tumutulong sa mga imbestigasyon at paglilitis ng mga krimen at pinapahusay rin nito ang kumpiyansa ng publiko sa mga kasanayan ng SPD.

Pagkolekta

Nirerekord lamang ng mga teknolohiyang ito ang mga larawan at tunog na nangyayari sa isang panayam ng SPD sa isang saksi, biktima, o suspek, at aktibidad sa mga silid para sa BAC at mga selda sa presinto.

Paggamit

Ginagamit ang live feed na para sa video lamang para subaybayan ang mga silid para sa panayam kapag walang detective ng SPD. Ginagamit din ang sistema para gumawa ng video na rekord ng mga panayam para sa mga layunin ng paggamit sa mga paglilitis para sa hustisyang pangkrimen.

Mga Proteksyon

Malinaw na nakapaskil ang karatula sa lahat ng mga presinto na nagsasabing kasalukuyang may pagmamatyag gamit ang audio at video. Nakapaskil ang mga karatulang ito sa parehong pasukan ng mga selda at sa loob ng mga lugar na nirerekord.

Inaatas ng karaniwang proseso na palaging abisuhan ang mga kinakapanayam tungkol sa pagkakaroon ng rekording o na hilingin sa kanila ang pahintulot na magrekord.



Kasalukuyang isinasagawa ang panahon para sa malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Isasama ang lahat ng komento tungkol sa teknolohiyang ito sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) para dito at ipapasa sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa labas ng panahon para sa malayang pagkomento, maaari itong direktang ipasa sa Konseho ng Lungsod.



Mga Camera para sa Kamalayan sa Sitwasyon nang Hindi Nagre-rekord

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Mga portable na camera na nagbibigay-daan sa mga ospiyal na mag-observer sa paligid ng mga sulok o ibang lugar sa oras ng mga pantaktikang operasyon kung saan kailangang makita ng mga opisyal ang sitwasyon bago pumasok sa isinasalang-alang na lugar. Ang mga ito ay maaaring ibaba o ihagis para maipuwesto, ikabit sa isang hinahawakang pole at inuusli sa sulok o papasok sa isang lugar. Naglalaman ang mga camera ng mga wireless na transmitter na nagpapadala ng mga larawan sa mga opisyal.



Kasalukuyang isinasagawa ang panahon para sa malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Isasama ang lahat ng komento tungkol sa teknolohiyang ito sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatrag) para dito at ipapasa sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa labas ng panahon para sa malayang pagkomento, maaari itong direktang ipasa sa Konseho ng Lungsod.

Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Gumagamit ang mga taktikal na yunit ng SPD ng mga camera para sa kamalayan sa sitwasyon para suriin ang mga potensiyal na mapanganib na sitwasyon mula sa isang ligtas na lokasyon. Nagbibigay-daan ang paggamit ng mga camera na ito sa SPD na makita ang kapaligiran at makakuha ng karagdagang impormasyon bago pumasok sa isang lokasyon, na nagbibigay ng karagdagang kaligtasan at seguridad sa tauhan ng SPD, sa mga saklaw na tao o bagay na inoobserba, at sa ibang miyembro ng komunidad.

Pagkolekta

Mayroong 4 na uri ng camera para sa kamalayan sa sitwasyon na ginagamit ng Yunit ng SWAT ng Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle):

- Mga Camera na Nakakabit sa Robot
- Mga Camera na Nakakabit sa Pole
- Mga Camera na Naipupuwesto
- Mga Camera na Naihahagis

Paggamit

Tanging mga miyembro lamang ng SWAT ang awtorisadong gamitin ang kagamitang ito at mga partikular na sinanay sa paggamit ng mga iyon. Responsable ang mga pinuno ng SWAT na tiyakin ang naaangkop na paggamit ng teknolohiya.

Mga Proteksyon

Walang larawan o data na kinokolekta, tinatabi, o pinapanatili ang anumang camera para sa kamalayan sa sitwasyon na ginagamit ng SPD. Kasama rito ang mga mismong camera at anumang kagamitan para sa pag-transmit. Ang lahat ng miyembro ng SWAT ay binibigyan ng pagsasanay sa paggamit at angkop na paglapat ng mga camera na ito.



City of Seattle